# Paraan ng Pag-file ng Claim para sa Deposit Insurance sa Nagsarang **Kaluyagan Rural Bank, Inc.**

Para sa mga depositor na may account balance na higit sa ₱100,000, o may account balance na ₱100,000 pababa ngunit may utang sa nagsarang bangko, o hindi kumpleto ang address sa records ng bangko, o nakapangalan sa negosyo, asosasyon, kooperatiba, o kumpanya

PDIC

Bank deposit mo, protektado!




## 1. Online sa kaluyagan-pad@pdic.gov.ph




**Ipadala ang sumusunod na attachments:**

**Malinaw na scanned o photo images ng:**

a. Claim Form (nasagutan ang mga detalye, napirmahan at napanotaryuhan)
b. Unang pahina ng Passbook na may pangalan at account number at huling pahina nito na may account balance, o harap at likod ng Certificate of Time Deposit
c. Isang (1) valid ID na may larawan at malinaw na pirma*

**Maaaring magpadala ang depositor ng hanggang dalawang (2) IDs para masiguro ang mas mabilis na pag-proseso ng claim sakaling may pagkakaiba sa pirma ng depositor.*

## 2. Postal Mail o Courier Service sa:



**Public Assistance Department**
Philippine Deposit Insurance Corporation
3rd Floor, SSS Building, 6782 Ayala Avenue
corner V.A. Rufino St., Makati City 1226

**Ilakip ang mga sumusunod:**

a. Orihinal na kopya ng Claim Form (nasagutan ang mga detalye, napirmahan at napanotaryuhan)
b. Orihinal na Savings Passbook o Certificate of Time Deposit
c. Photocopy ng isang (1) valid ID na may larawan at malinaw na pirma*

**Maaaring magpadala ang depositor ng hanggang dalawang (2) IDs para masiguro ang mas mabilis na pag-proseso ng claim sakaling may pagkakaiba sa pirma ng depositor.*

## 3. Personal (by appointment) sa:



**Public Assistance Center (PAC)**
Philippine Deposit Insurance Corporation
3rd Floor, SSS Building, 6782 Ayala Avenue
corner V.A. Rufino St., Makati City 1226

**Dalhin ang mga sumusunod:**

a. Orihinal na kopya ng Claim Form (nasagutan ang mga detalye at napirmahan)
b. Orihinal na Savings Passbook o Certificate of Time Deposit
c. Orihinal at photocopy ng isang (1) valid ID na may larawan at malinaw na pirma. Iminumungkahi na magdala ng dalawang (2) valid IDs kung sakaling may pagkakaiba sa pirma



### Humingi ng appointment sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod:

- **(02) 8841-4141**
  (tumawag during office hours, para sa mga depositor sa Metro Manila)
- **1-800-1-888-7342 o 1-800-1-888-PDIC**
  (tumawag during office hours, para sa mga depositor sa labas ng Metro Manila)
- **kaluyagan-pad@pdic.gov.ph**
- **www.facebook.com/OfficialPDIC**

## Kailan maaaring mag-file ng deposit insurance claim?

December 6, 2021 hanggang October 30, 2023

### Halimbawa ng mga valid IDs:

*Driver's License, SSS/GSIS ID, Senior Citizen's ID, Passport, PRC ID, OWWA/OFW ID, Seaman's ID, Alien Certificate of Registration ID, Voter's ID o PhilID (Philippine National ID).*

## Paano makakuha ng Claim Form?

I-download ang Claim Form sa PDIC Website (http://www.pdic.gov.ph/files/New_PDIC_Claim_Form.pdf).

Maaari ring i-download and Claim Form mula sa Depositor's Corner ng PDIC website, i-click lamang ang Filing Thru E-mail sa kaliwang bahagi nito.

Walang bayad ang Claim Form at ang pag-proseso ng claim.

*Ang pirma sa Claim Form ay dapat pareho sa pirma sa bank records at sa valid IDs na ipinasa ng depositor.*

# Mga Karagdagang Requirement sa Pag-file ng Deposit Insurance Claim sa Nagsarang Kaluyagan Rural Bank, Inc.

PDIC

PHILIPPINE DEPOSIT INSURANCE CORPORATION

*Bank deposit mo, protektado!*






**1.** Para sa mga depositor na 17 years old pababa, kinakailangan ng photocopy ng Birth Certificate mula sa Philippine Statistics Authority (PSA) o Certified Copy mula sa Local Civil Registrar, at valid ID ng magulang/guardian.




**2.** Orihinal na kopya ng notarized/authenticated Special Power of Attorney (SPA) ng depositor o magulang/guardian ng isang menor de edad na depositor, kung ang claimant ay walang lagda o pirma sa mga bank record.

*I-download ang SPA form mula sa PDIC website: http://www.pdic.gov.ph/files/spa_claims.pdf*



Kung kinakailangan, maaaring humingi ang PDIC ng mga karagdagang dokumento para sa pagsusuri at pag-proseso ng deposit insurance claim.

## SINO ANG DAPAT PUMIRMA SA CLAIM FORM?

1. Depositor ng account (para sa mga depositor na 18 years old pataas)
2. Magulang/guardian ng depositor (kung ang edad ng depositor ay 17 years old pababa)
3. Agent para sa mga "By" account
4. Trustee para sa mga "In Trust For (ITF)" account
5. Bawat isang depositor/account holder sa magkahiwalay na Claim Form para sa mga joint account tulad ng "Or", "And/Or" o "And" account
6. Authorized representative/s para sa mga negosyo, asosasyon, kooperatiba, o kumpanya, o namatay na depositor at sino man na may SPA mula sa depositor

(02) 8841-4141
(tumawag during office hours, para sa mga depositor sa Metro Manila)

1-800-1-888-7342 o 1-800-1-888-PDIC
(tumawag during office hours, para sa mga depositor sa labas ng Metro Manila)

kaluyagan-pad@pdic.gov.ph

www.facebook.com/OfficialPDIC